



## WORD

*Maraming pambihirang himala ang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Pablo . . .* **MGA GAWA 19:11**

---

Gusto ng Diyos na palayain ang mga tao mula sa anumang humahadlang sa kanila na makilala at mahalín Siya. Nakatala sa aklat ng Mga Gawa ang bilang ng mga tao na gumaling sa mga karamdaman at naligtas, at kung paano lumago ang iglesia sa pamamagitan ng makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu. Sa araling ito, ating aalamin ang tatlong mga bagay na nangyayari sa iglesia sa panahong ito, at kung ano ang kahulugan nito sa ating mga buhay.

## 1

### **Mga Ordinaryong tao na gumagawa ng mga kamangha-manghang himala.**

*Maraming pambihirang himala ang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Pablo . . .* **MGA GAWA 19:11**

Si Apostol Pablo ay isang pangkaraniwang tao na gumagawa lamang ng mga pangkaraniwang bagay sa kanyang trabaho araw-araw, at kitangkita ang Banal na Espiritu sa kanya kung kaya't maging ang produkto ng kanyang trabaho ay nakapagpapagaling ng mga may sakit. Dapat natin maintindihan na ang Banal na Espiritu ay nagbibigay sa atin ng kakayanan na gumawa ng mga kamangha-manghang himala habang ipinamamahagi natin ang ebanghelyo. Ano ang ipinangako ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu? (Marcos 16:17,18)

.....

.....

.....

## 2

### Mga ordinaryong tao na nagtataglay ng kakaibang kapangyarihan.

<sup>15</sup>Sinusubukan nilang palabasin ang masamang espiritu sa pangalan ni Jesus. Pero sinagot sila ng masamang espiritu, "Kilala ko si Jesus, ganoon din si Pablo, pero sino naman kayo?". . . <sup>17</sup>Ang pangyayaring ito ay nabalitaan ng lahat ng Judio na nakatira roon sa Efeso. Natakot sila at lalo pang naparangalan ang pangalan ng Panginoong Jesus.

**MGA GAWA 19:15,17**

Maging ang masasamang espiritu ay sumasailalim sa pangalan ni Jesus. Ang Kanyang pangalan ay may katangi-tanging kapangyarihan. Bilang Kanyang mga mamamayan, maaari tayong umasa sa Kanyang pangalan at sa Kanyang makapangyarihang pagkilos sa ating buhay. Ano ang nangyari sa mga anak ni Sceva na nagtangkang gamitin ang kanilang sariling kapangyarihan laban sa mga masasamang espiritu? (Mga Gawa 19:14-16)

---

---

---

## 3

### Mga ordinaryong tao na may katangi-tanging debosyon sa Diyos.

<sup>18</sup>Marami sa mga sumasampalataya ang lumapit at nagtapat ng kanilang masasamang gawain. . . . <sup>20</sup>Dahil sa pangyayaring ito, lalo pang lumaganap ang kapangyarihan ng salita ng Diyos. **MGA GAWA 19:18,20**

Ang bunga ng mga himala at kalayaan na tinamasa ng iglesia sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay natataning debosyon sa Diyos. Marami ang nagsuko ng kanilang mga buhay kay Kristo at tumalikod sa kanilang masasamang mga ginagawa. Dahil dito maraming tao ang nakakilala sa Diyos. Paano mo naipapahayag ang iyong debosyon sa Diyos araw-araw? Ibahagi ang kinaugalian mong paraan ng pagbabasa ng Bibliya at pananalangin.

---

---

---

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na kaya ng Diyos gumawa ng mga kamangha-manghang himala sa buhay mo at sa pamamagitan mo? Anong himala ang pinaniniwalaan mong gagawin ng Diyos?
- Paano mo makikilala at magagawang umasa sa Banal na Espiritu sa bawat araw na lumilipas? Ano ang isang bagay na maaari mong baguhin simula ngayong linggo?
- Paano mo magagawang mamuhay ng may katangi-tanging debosyon sa Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kanyang kapangyarihan na kumikilos sa iyong buhay. Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malalim pang pagkaunawa kung sino Siya at kung sino ka para sa Kanya.
- Ipanalangin na lagi kang magkakaroon ng natatanging debosyon sa Diyos at na mamahalin mo Siya ng buong puso, isip, kaluluwa, at kalakasan.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon na maipangaral ang ebanghelyo ng may mga himala at kababalaghan. Magtiwala na kikilos ang Diyos ng buong lakas sa pamamagitan mo sa sumunod na mga araw.



**VICTORY**

© 2015 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot  
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.  
[victory.org.ph](http://victory.org.ph)